# Kalabasa

Si Maya ay may Kalabasa. Pinaluto niya ito sa kaniyang lola. Mainam ang kalabasa na pampalinaw ng mata.



FT FUN TEACHER FILES

# Kamatis

May tanim na kamatis si Karlo. May bunga ito. Ang mga kamatis ni Karlo ay mapupula. Masusustansiya rin ang mga ito.



# Okra

Ayaw ni Ara sa okra. Pero paborito ito ng nanay niya. Kumain si Ara ng okra kahit ayaw niya ang lasa. Pampalusog kasi ito.



FUN TEACHER FILES

# Talong

May mga tanim na talong sa bakuran. May bilog na talong. May pahabang talong. Paborito ni Lito ang tortang talong.



FT FUN TEACHER FILES

# Sibuyas

Pumunta si Mila sa palengke. Bumili siya ng isang kilong sibuyas. Gagamitin ang sibuyas sa pagluluto ng sisig.



FT FUN TEACHER FILES

# Repolyo

May repolyo sa kusina ni Aling Lorna. Gagamitin ang repolyo sa pagluluto ng pansit at nilaga.



FUN TEACHER FILES